Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
SCHOOLS DIVISION OFFICE OF MUNTINLUPA CITY

JUN 24 2022

**Advisory No. 129, s. 2022**
Hunyo 24, 2022

Ayon sa pagpapatupad ng DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
ang advisory na ito ay hindi pag-eendorso, ayon naman sa DO. No. 28, s. 2001,
ito ay isang impormasyon lamang para sa mga opisyal
at kawani ng Kagawaran ng Edukasyon, at ng mga mamamayan.

**PANREHIYONG WEBINAR-WORSYAP SA AGHAM**

Kalakip nito ang DepEd NCR Advisory No. 154, s. 2022 na may petsang Hunyo 20, 2022 at may paksang: ***Panrehiyong Webinar-Woksyap sa Agham*** para sa impormasyon at patnubay ng mga kinauukulan.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nasasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Bilang karagdagan, ang mga paaralan ay pinapaalalahanan *sa "No Collection and No Selling of Tickets Policy"* na nakasaad sa mga DepEd Order No. 19 at 40, s. 2008 at RA Nos. 4206 at 5546.

**NERISSA ROXAS-LOMEDA PhD**
Nanunungkulang Pangalawang Pansangay na Tagapamanihala

ASO/ Panrehiyong Webinar-Worsyap sa Agham
129/Hunyo 24, 2022

Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave, Brgy Tunasan, Muntinlupa City
(02) 805-9935, (02) 805 - 9940
sdomuntinlupa@gmail.com

ISO 9001:2015 Certified No: 18.1519.026

Republic of the Philippines
**Department of Education**
NATIONAL CAPITAL REGION

DEPARTMENT OF EDUCATION - NCR
RELEASED
RECORDS SECTION, DEPED NCR
JUN 21 2022
BY: DATE:
DNCR-F-ORD-038/01 11/2019

SDO-CITY OF MUNTINLUPA
Received
Date 6-21-22
Time 8:40am

Advisory No. 154, s. 2022
Hunyo 20, 2022

Ayon sa pagpapatupad ng DepEd Order (DO) No.8, s. 2013 ang *advisory* na ito ay hindi pag-eendorso, ayon naman sa DO 28, s. 2001, ito ay isang impormasyon para sa mga opisyal at kawani ng Kagawaran ng Edukasyon at kinauukulan (Bisitahin ang www.deped.gov.ph /issuances)

**PANREHIYONG WEBINAR-WORSYAP SA AGHAM**

Kalakip ang liham mula sa Samahan ng mga Guro sa Intelektuwalisasyon ng Filipino na nilagdaan ni Vasil A. Victoria, PhD, Punong Tagapangasiwa ng Gawain hinggil sa Panrehiyong Webinar-Worksyap sa Agham na nag-aanyaya sa mga guro at/o edukador sa antas ng elementarya hanggang *Senior High School* na nagtuturo ng Agham na dumalo at makilahok sa webinar na may temang: *"Leading and Soaring Science Education in a Post-Covid World"* na gaganapin sa ika-23-25 ng Hunyo 2022.

Para sa karagdagang impormasyon, tanong at paglilinaw, maaaring sumangguni kay **Vasil A. Victoria**, PhD, Punong Tagapamahala ng Gawain o tumawag sa CP 09399042269 o sa *email address* na b_bical@yahoo.com.

Clmd/rdm

**Samahan ng mga Guro sa Intelektuwalisasyon ng Filipino (SAGIF)**
**Lungsod Naga**
**SEC Company Reg. No 202108002154201**
**Telephone number (054) 884-0985**

14 Hunyo 2022

**Kgg. WILFREDO E. CABRAL**
*Panrehiyong Direktor*
Kagawaran ng Edukasyon
NCR

Mahal na Direktor Cabral:

Mapagpalang araw!

Ang ***Samahan ng mga Guro sa Intelektuwalisasyon ng Filipino*** sa Lungsod Naga (Camarines Sur) ay magdaraos ng **Panrehiyong Webinar-Worksyap** sa Agham na may temang *"Leading and Soaring Science Education in a Post-COVID World"* na magaganap sa **ika-23-25 ng Hunyo 2022.**

Layunin ng webinar-woksyap ang sumusunod: **(1)** matalakay ang hinaharap ng edukasyon sa Agham kaugnay sa pananaliksik, kurikulum, at pagtuturo, **(2)** mailarawan ang dalumat ng tinatawag na *spiral progression* sa Agham gayundin ang mga *remote* na ekspiremento at birtuwal na laboratoryo, **(3)** maipaliwanag ang mga bagong tuklas kaugnay sa telang baterya o telang superkapacitor bilang imbakan ng enerhiya, **(4)** maibahagi ang mga bagong kalakaran kaugnay sa *Food Science and Microbiology,* at **(5)** maitampok ang gampanin ng pagsasalin sa mundo ng Agham.

Hinihikayat ang **mga guro at/o edukador sa antas ng elementarya hanggang *Senior High School*** na nagtuturo ng Agham na mapahintulutang makadalo at makalahok sa makabuluhang gawaing ito. Kaugnay nito ay humihingi po sana kami ng inyong **pag-endoso** sa pamamagitan ng isang **ADVISORY** kaugnay sa webinar na ito.

Nawa'y magkaroon ng positibong tugon ang sulat na ito sa pagpapatuloy at pagpapaalab ng de-kalidad na edukasyon lalo na't pagpapalakas sa wikang Filipino. Sa karagdagan at iba pang tanong at paglilinaw, maaari pong makipag-ugnayan sa teleponong **09399042269** o sa email address na **b_bical@yahoo.com.**

Dios mabalos po.

Lubos na gumagalang,

**VASIL A. VICTORIA, PhD**
Punong Tagapamahala ng Gawain